




Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**



**9**



Zest for Progress  
 Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan - Modyul 5:  
 Interaksiyon ng Demand at Supply



Name of Learner: \_\_\_\_\_

Grade & Section: \_\_\_\_\_

Name of School: \_\_\_\_\_

JANUARY

*Makugihon*

FEBRUARY

*Mahigugmaon*

MARCH

*Matinabangon*

APRIL

*Matinahuron*

MAY

*Mahapsay og Malimpyo*

JUNE

*Maabtik og Masunod sa  
 Ihsaklong Oras*

JULY

*Maantigo og Maabilidad*

AUGUST

*Maginhuhuhunaon  
 para sa Uban*

SEPTEMBER

*Madaginoton*

OCTOBER

*Matinud-anon*

NOVEMBER

*Masaligan*

DECEMBER

*Maalampunon*



## Alamin

Ang pinakatiyak na layunin ng modyul na ito ay matutuhan mo bilang mag-aaral ang mahahalagang ideya o konsepto tungkol sa interaksyon ng demand at supply. Mula sa mga inihandang gawain at teksto, inaasahang magagabayan ka sa pagsagot ng katanungan kung paanong ang interaksyon ng demand at supply ay nagiging batayan ng matalinong pagdedesisyon ng prodyuser at konsyumer tungo sa pambansang kaunlaran.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman:

- Naipapaliwanag ang interaksyon ng demand at supply sa kalagayan ng presyo at ng pamilihan. (AP9MYK-IIe-9)
- Nasusuri ang mga epekto ng shortage at surplus sa presyo at dami ng kalakal at paglilingkod sa pamilihan. (AP9MYK-IIf-9)



## Balikan

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong at isulat ang titik ng pinakatamang sagot.

1. Ang mga sumusunod ay mga salik na nakaaapekto sa supply maliban sa isa. Ano ito?  
A. Pagbabago sa Teknolohiya  
B. Pagbabago sa bilang ng bumibili  
C. Pagbabago sa Halaga ng salik sa proksyon  
D. Pagbabago sa presyo ng kaugnay na produkto
2. Ang pagtaas ng supply ay makapagdudulot ng paglipat ng kurba ng supply sa \_\_\_\_\_.  
A. Kaliwa                      B. Kanan                      C. Pataas                      D. Pababa
3. Ang pagpasok sa negosyo ay malaking pakikipagsapalaran. Upang maging matagumpay, kailangang pagtuunan ng masusing pag-aaral ang pamamalakad nito. Kung ikaw ay nagnanais magnegosyo, ano ang pinakanararapat mong gawin?  
A. Gumawa ng sariling estratehiya sa pagnenegosyo  
B. Subukang gawin ang mga bagay na naisip tungkol sa pagnenegosyo  
C. Humingi ng payo sa mga eksperto upang maging matatag ang negosyo  
D. Ipauubaya ang pamamahala ng itatayong negosyo sa taong malapit sa iyo
4. Si Ana ay isang negosyante, siya ay nagtitinda ng bigas at iba pang mga pangunahing pangangailangan. Ano ang pinakamainam niyang gawin ngayong panahon ng pandemya?

- A. Magdagdag ng maraming paninda
  - B. Magbagsak presyo upang makatulong kahit ikalulugi niya pa ito
  - C. Taasan ang presyo ng mga paninda upang makakuha ng malaking kita
  - D. Iwasan ang pagsasamantala lalo na sa panahon ng kagipitan o kakulangan
5. Ang magsasaka ay nagtatanim ng palay at mais. Sa panahon na mas mataas ang presyo ng mais, nagaganyak siyang gamitin ang kabuuang lupa bilang taniman ng mais. Anong salik na nakakaapekto sa supply ito napabilang?
- A. Ekspektasyon ng Presyo
  - B. Pagbabago sa teknolohiya
  - C. Pagbabago sa bilang ng mga nagtitinda
  - D. Pagbabago sa presyo ng kaugnay na produkto
6. Ano ang tawag sa kondisyon na kung inaasahan ng mga prodyuser na tataas ang presyo ng kanilang produkto sa madaling panahon, ay itatago ang produkto upang maibenta ito sa mas mataas na presyo sa hinaharap?
- A. Hoarding
  - B. Scarcity
  - C. Bandwagon Effect
  - D. Entrepreneurship
7. Makalumang pamamaraan ng pagtatanim ng gulay ang ginagamit ni mang Jose kung kaya't maliit ang bilang ng mga gulay ang kanyang nasusuplay sa palengke. Anong salik ang nakakaapekto sa dami ng supply ito napabilang?
- A. Pagbabago sa teknolohiya
  - B. Pagbabago sa bilang ng mga nagtitinda
  - C. Pagbabago sa presyo ng kaugnay na produkto
  - D. Pagbabago sa halaga ng mga salik produksyon
8. Alin sa sumusunod ang hindi salik sa paggawa ng produkto?
- A. Kapital
  - B. Lupa
  - C. Paggawa
  - D. Kustomer
9. Si Rosa ay nagtitinda ng mga kakanin. Ngayong panahon ng pandemya hindi maiiwasang tataas ang presyo ng mga kinakailangang sangkap. Ano ang nararapat niyang gawin?
- A. Titigil muna sa pagtitinda sapagkat wala masyadong customer
  - B. Gumamit ng kakaunting salik at ipagbili sa mas mataas na presyo
  - C. Gumamit ng efficient na paraan tulad ng paggamit ng kakaunting salik upang makabuo ng maraming produkto
  - D. Gumamit ng normal na mga sangkap at ipagbibili pa rin ang produkto sa nakasanayang presyo kahit tumaas ang halaga ng mga salik produksiyon.
10. Malakas na negosyo ngayon ang pagtitinda ng malunggay na pandesal sa pamilihan, kaya si mang Roel ay nahikayat din na magbenta ng nasabing produkto. Aling salik ang nakakaapekto sa pagdami ng supply?

- A. Ekspektasyon ng presyo
- B. Pagbabago sa Teknolohiya
- C. Pagbabago sa bilang ng mga nagtitinda
- D. Pagbabago sa presyo ng kaugnay na produkto



## Tuklasin

### Aralin 5

### INTERAKSIYON NG DEMAND AT SUPPLY

#### Ang Ekwilibriyo sa Pamilihan

Ang **ekwilibriyo** ay isang kalagayan sa pamilihan na ang dami ng handa at kayang bilhing produkto o serbisyo ng mga konsyumer at ang handa at kayang ipagbiling produkto o serbisyo ng mga prodyuser ay pareho ayon sa presyong kanilang pinagkasunduan. **Ekwilibriyong presyo** ang tawag sa pinagkasunduang presyo ng konsyumer at prodyuser, at **ekwilibriyong dami** naman ang tawag sa napagkasunduang bilang ng mga produkto o serbisyo. Samakatwid, ang **ekwilibriyo sa pamilihan** ay ang punto kung saan ang quantity demanded at quantity supplied ay pantay o balanse.

Halimbawa:

Si Corazon ay nagmamay-ari ng isang maliit na tindahan malapit sa paaralan. Kamakailan lamang ay napag-isipan niyang magtinda ng isang bagong produkto— ang *home made* niyang kendi. Sa unang araw, gumawa siya ng 50 kendi at ibinenta sa halagang limang piso kada piraso. Nalungkot siya dahil maraming natira sa kaniyang mga paninda. Si Maria, ang kaniyang suki, ay bumili lamang ng 10 piraso. Nagkaroon ng labis na 40 piraso. Dahil sa kalabisan, binabaan niya ang presyo ng mga ito sa halagang dalawang piso. Sa mababang halaga, 40 piraso ang nais at handing bilhin ni Maria ngunit 20 pirasong kendi lamang ang handa at kayang ipagbili ni Corazon. Dahil sa labis na demand, nahikayat siyang dagdagan ang ipagbibiling kendi ngunit sa mas mataas na presyo.

Mula sa dating Php2, tumaas ang presyo sa Php3. Nabawasan ang *quantity demanded* mula 40 piraso papuntang 30. Sa kabilang banda, ang *quantity supplied* mula 20 piraso ay naging 30. Mapapansin na pantay o balanse ang *quantity demanded* at *quantity supplied* sa presyong Php3. Ang pangyayaring ito ay nagpapakita ng ekwilibriyo.

#### Market Schedule para sa Kendi

Quantity Demanded (Qd)	Presyo (P)	Quantity Supplied (Qs)	A Sa presyong tatlong piso, ang quantity supplied at quantity demanded ay pantay. <b>(Qd = Qs)</b>
10	5	50	



20	4	40	<b>B</b> Sa presyong mas mataas sa tatlong piso, mas maliit ang quantity demanded kaysa sa quantity supplied. ( <b>Qd &lt; Qs</b> )
30	3	30	
40	2	20	
50	1	10	<b>C</b> Sa presyong mas mababa sa tatlong piso, mas malaki ang quantity demanded kaysa sa quantity supplied ( <b>Qd &gt; Qs</b> )
60	0	0	

Maaari ding makuha ang ekwilibriyo sa pamamagitan ng paggamit ng **demand function** at **supply function**. Ipinaliwanag sa nakaraang aralin na may *inverse* o magkasalungat na ugnayan ang presyo at *quantity demanded*. Ibig sabihin, sa bawat pagtaas ng presyo (P) ay siya namang pagbaba ng dami ng *demand* o *quantity demanded* (Qd). Sa kabilang banda, magugunitang may positibong ugnayan ang presyo at *supply*. Ang pagbabago sa presyo (P) ay nakakaapekto sa dami ng *supply* o *quantity supplied* (Qs). Samakatwid, ang anumang pagtaas ng presyo ay nangangahulugan din ng pagtaas ng *quantity supplied*.

Halimbawa: Ipagpalagay natin ang mathematical equations na:

$$Q_d = 60 - 10P \quad \text{kung saan, } Q_d = \text{Quantity demanded}$$

$$Q_s = 0 + 10P \quad \text{Q}_s = \text{Quantity supplied} \quad P = \text{presyo}$$

<b>Qd = 60 - 10P</b>	<b>Qs = 0 + 10P</b>	
$Q_s = Q_d$ $0 + 10P = 60 - 10P$ $10P + 10P = 60 - 0$ $\frac{20P}{20} = \frac{60}{20}$ $P = 3$	$Q_d = 60 - 10P$ $= 60 - 10(3)$ $= 60 - 30$ $= 30$	$Q_s = 0 + 10P$ $= 0 + 10(3)$ $= 0 + 30$ $= 30$
Ekwilibriyong Presyo (P) = 3	Ekwilibriyong Damí (Q) = 30	

### Shortage at Surplus


Ang pamilihan ay maaaring makaranas ng **surplus** kung mas marami ang *quantity supplied* kaysa *quantity demanded*. Sa kabilang banda, ang **shortage** ay nararanasan naman kung ang dami ng *demand* ay mas malaki kaysa dami ng *supply*.

Halimbawa:

- Kailangan ni Patty ng isang dosenang rosas para sa kaarawan ng kaniyang ina ngunit siyam na rosas lamang ang natira sa flower shop. (Shortage)
- May 100 sako ng palay si Mang Isko ngunit 70 sako lamang ang handang bilhin ng bumibili nito. (Surplus)


### Mga Kaganapan at Pagbabago sa Pamilihan

1. Paglipat ng *supply curve* pakanan subalit walang pagbabago sa *demand curve*.



Ipinapakita sa graph sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php40 at ang ekwilibriyong dami ay 40 rin. Subalit kung magkakaroon ng paglipat ng *supply curve* pakanan at pareho pa rin ang demand, magkakaroon ng labis na supply o surplus sa pamilihan. Kapag may surplus sa pamilihan, bababa ang presyo ng produkto o serbisyo.


2. Paglipat ng *supply curve* pakaliwa subalit walang pagbabago sa *demand curve*.



Ipinapakita sa graph sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php30 at ang ekwilibriyong dami ay 50. Subalit kung magkakaroon ng pagbaba ng *supply* at pareho pa rin ang demand, magkakaroon ng kakulangan o shortage sa supply sa pamilihan. Kapag may shortage sa pamilihan, tataas ang presyo ng produkto o serbisyo.


3. Paglipat ng *demand curve* pakanan subalit walang pagbabago sa *supply curve*.

Ipinapakita ang ekwilibriyong *demand curve* pa na demand o shortage sa pamilihan. Kapag may shortage sa pamilihan, tumataas ang presyo ng produkto o serbisyo.



resyo ay Php10 at on ng paglipat ng kakaroon ng labis

4. Paglipat ng *demand curve* pakaliwa subalit walang pagbabago sa *supply curve*.



Ipinapakita sa graph sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php20 at ang ekwilibriyong dami ay 60. Subalit kung magkakaroon ng paglipat ng *demand curve* pakaliwa at pareho pa rin ang supply, magkakaroon ng labis na supply o surplus sa pamilihan. Kapag may surplus sa pamilihan, bababa ang presyo ng produkto o serbisyo.



## Suriin

Upang masukat ang iyong pag-unawa tungkol sa mahahalagang ideya o konsepto tungkol sa interaksyon ng demand at supply at kung paanong ang interaksyon ng demand at supply ay nagiging batayan ng matalinong pagdedesisyon ng prodyuser at konsyumer tungo sa pambansang kaunlaran, sasagutin mo ang sumusunod na pamprosesong tanong:

1. Kailan masasabing mayroong ekwilibriyo sa pamilihan?
2. Ano ang ipinahihwatig ng punto ng ekwilibriyo?
3. Paano nagkakaroon ng gampanin ang presyo upang magkaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan?
4. Sa iyong palagay, ano ang itinuturong dahilan ng pamahalaan sa pagtaas ng presyo ng mga pangunahing produkto? Bakit?
5. Paano mo maiuugnay ang tumataas na halaga ng mga pangunahing produkto sa batas ng supply at demand? Paano naman maiuugnay ang kakulangan ng mga produkto sa pamilihan sa pangangailangan ng mga mamamayan?
6. Paano nababago ng interaksyon ng demand at supply ang pagtugon mo sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan? Ipaliwanag.



## Pagyamanin

Sa bahaging ito ng aralin ay palalawakin at pagtitibayin mo ang mga nabuong kaalaman ukol sa interaksyon ng demand at supply na siyang nagiging batayan ng matalinong pagdedesisyon ng prodyuser at konsyumer tungo sa

pambansang kaunlaran sa pamamagitan ng paggawa sa mga sumusunod na gawain.

**Gawain 1: Subukin Natin!**

Panuto: Buuin ang talahanayan sa ibaba gamit ang demand at supply functions.

	<b>Qd = 150 - P</b>	<b>Qs = -60 + 2P</b>
<b>Presyo (P)</b>	<b>Dami ng Demand (Qd)</b>	<b>Dami ng Supply (Qs)</b>
40	110	1.)
55	2.)	3.)
4.)	80	5.)
6.)	65	110
100	7.)	8.)

**Gawain 2: S.O.S. (Surplus o Shortage)**

Panuto: Suriin ang *market schedule* sa pares ng sapatos sa ibaba. Batay sa talahanayan, tukuyin kung ang sitwasyon ay shortage, surplus, o ekwilibriyo. Isulat ang iyong sagot sa hulihang kolum. Pagkatapos, ipakita sa pamamagitan ng graph ang nilalaman nito.

Market Schedule Para sa Pares ng Sapatos

Presyo (Php)	Dami ng Demand	Dami ng Supply	Sitwasyon
100	80	20	1.)
200	70	30	2.)
300	60	40	3.)
400	50	50	4.)
500	40	60	5.)
600	30	70	6.)
700	20	80	7.)


Pamprosesong Tanong:


1. Ano ang kalagayan ng pamilihan ng sapatos kapag ang presyo ay Php200?
2. Ano ang kalagayan ng pamilihan ng sapatos kapag ang presyo ay Php600?
3. Ano ang ipinahihiwatig ng punto ng ekwilibriyo?



**Gawain**



Panuto: Batay sa iyong nakalap na kaalaman sa tekstong binasa, sagutin ang sumusunod na pahayag o katanungan na nasa ibaba sa pamamagitan ng pagpili ng mga kasagutan na matatagpuan sa *circles of facts*.



1. Isang pangyayari sa pamilihan na kung saan may sobra o higit ang supply ng mga produkto sa dami ng planong ikonsumo o bilhin ng tao.
2. Isang kalagayan sa pamilihan na ang demand at supply ay pareho ayon sa presyong kanilang pinagkasunduan.
3. Tawag sa pinagkasunduang presyo ng konsyumer at prodyuser.
4. Isang pangyayari sa pamilihan na kung saan ang dami ng demand ay mas malaki kaysa dami ng supply.
5. Isang pagbabagong magaganap sa ekwilibriyong presyo kapag tumaas ang demand at hindi nagbago ang supply.
6. Pagbabagong magaganap sa ekwilibriyong presyo kapag tumaas ang supply ngunit hindi nagbago ang demand.
7. Tawag sa napagkasunduang bilang ng mga produkto o serbisyo.
8. Dami ng demand ( $Q_d$ ) kung ang presyo ay Php40 at gamit ang demand function na  $Q_d = 150 - P$ .
9. Dami ng supply ( $Q_s$ ) kung ang presyo ay Php20 at gamit ang supply function na  $Q_s = 15 + 10P$ .
10. Lugar/mekanismo kung saan ang konsyumer at prodyuser ay nagkaroon ng transaksyon upang magkaroon ng bentahan.



## Isaisip

Sa bahaging ito, muli mong palalawakin at pagtitibayin ang iyong kaalaman ukol sa interaksyon ng demand at supply. Kinakailangan ang mas malalim na pagtatalakay sa mga mahahalagang ideya o konsepto tungkol sa interaksyon ng demand at supply upang maihanda ang iyong sarili sa pagsasabuhay ng iyong mga natutunan.

Panuto: Suriing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Tukuyin kung ang sumusunod na pangungusap ay nagsasaad ng surplus, shortage, o ekwilibriyo. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.

- \_\_\_\_\_ 1. Kailangan ni Sheila ng isang dosenang rosas para sa kaarawan ng kaniyang ina ngunit siyam na rosas lamang ang natitira sa *flower shop*.
- \_\_\_\_\_ 2. Nagkasundo ang prodyuser at konsyumer sa halagang Php50 at sa dami na 30.
- \_\_\_\_\_ 3. May 100 sako ng palay si Mang Tomas ngunit 70 sako lamang ang handang bilhin ng kaniyang mga suki.
- \_\_\_\_\_ 4. May 36 na panindang payong si Bengie. Dahil sa biglaang pagbuhos ng ulan, naubos lahat ang kaniyang paninda.
- \_\_\_\_\_ 5. Napanis lamang ang mga nilutong ulam ni Aling Nery dahil sa suspensiyon ng klase kaninang umaga.
- \_\_\_\_\_ 6. Naubos kaagad ni Mang Kiko ang kaniyang paninda nang bilhin lahat ng mga turista ang mga ito.
- \_\_\_\_\_ 7. Sa sobrang init ng panahon, naging matumal ang benta ng lugaw ni Jerry.
- \_\_\_\_\_ 8. Isandaang kilo ang supply ng sibuyas sa Zamboanga City Public Market at isandaang kilo rin ang demand para rito.
- \_\_\_\_\_ 9. May 50 lapis ang kailangan ng mga mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng San Roque ngunit 30 lamang ang natirang supply sa Rose School Supplies.
- \_\_\_\_\_ 10. Biniling lahat ni Franco ang mga tindang biko ni Clara.



## Tayahin

Upang lubos na masukat ang iyong kaalaman tungkol sa paksang tinalakay, sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong at bilugan ang titik ng pinakatamang sagot.

1. Anong konsepto ang nagaganap kung ang quantity demanded at quantity supplied ay pantay o balanse?  
A. Batas ng Supply  
B. Batas ng Demand  
C. Shortage at Surplus  
D. Ekwilibriyo sa pamilihan
2. Ang pamilihan ay maaaring makaranas ng \_\_\_\_\_ kung ang dami ng demand ay mas malaki kaysa dami ng supply.  
A. Surplus  
B. Shortage  
C. Pamilihan  
D. Ekwilibriyo
3. Ipagpalagay na ang bawat baso ng buko juice ay Php10.00 at ang demand function mo ay  $Q_d = 50 - 2P$ , ano ang iyong magiging quantity demanded?

A. 50

B. 40

C. 30

D. 20

4. Anong konseptong pang-ekonomiya ang isinasaad sa pahayag sa ibaba?

Naisipan ni Geraldine na magtinda ng kaniyang home-made ice cream. Sa unang araw, gumawa siya ng 50 ice cream at ibinenta sa halagang sampung piso kada piraso. Nalungkot siya dahil maraming natira sa kaniyang paninda.

A. Surplus

B. Shortage

C. Pamilihan

D. Ekwilibriyo

5. May 30,000 lata ng sardinas ang kailangan sa pamilihan. Ayon sa datos, mayroong 10 kompanya ng sardinas ngunit sa bilang na ito, 6 lamang ang nais gumawa ng kabuuang 20,000 lata ng sardinas kung ipagbibili ito sa presyong Php10.00. Batay sa pahayag, ilan ang maitatalang supply ng sardinas?





A. 6

B. 10

C. 20,000

D. 30,000

6. May patahian si Aling Noemi ng mga kumot at punda ng unan sa Dapitan City. Noon ay nakagagawa siya lamang siya ng 5 pirasong kumot at 10 pirasong punda sa isang araw. Ngunit nang gumamit siya ng hi-speed sewing machine ay halos magtriple na kaniyang produksiyon kaya bumaba ang presyo. Alin sa mga sumusunod na grapikong paglalarawan ang isinasaad sa pagbabagong ito?



7. Ano ang tawag sa lugar kung saan ang mga konsyumer at prodyuser ay nagtatagpo at nagkakaroon ng palitan sa pamamagitan ng itinakdang presyo ng mga produkto?

A. Tiange

B. Talipapa

C. Pamilihan

D. Department Store

8. Nagaganap ang ekwilibriyo sa pamilihan kapag sa iisang presyo pantay ang dami ng quantity demanded sa quantity supplied. Sa kalagayang ito, ano ang implikasyon ng pagkakaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan?

A. Sa presyong ito, hindi masaya ang konsyumer dahil ang labis na quantity demanded ay hindi napupunan ng labis na quantity supplied.

B. Sa presyong ito, may labis na quantity supplied sapagkat maaaring magtaas ng presyo ang mga prodyuser upang tumaas ang kita.

C. Sa presyong ito, parehong masaya ang konsyumer at prodyuser sapagkat tumaas man ang presyo, kaunti na lamang ang bibilhin ng mga konsyumer.

D. Sa presyong ekwilibriyo, parehong masaya ang konsyumer at prodyuser sapagkat ang dami ng nais bilhin ng mga konsyumer ay kasindami ng nais ibenta ng mga prodyuser.

9. Alin sa mga sumusunod ang nagpapaliwanag kung bakit mahal ang bulaklak na rosas sa tuwing sasapit ang Araw ng mga Pusong?
- Tuwing sasapit ang Araw ng mga Pusong, itinatago ng mga prodyuser ang panindang bulaklak upang lalong tumaas ang presyo nito.
  - Dahil sa tuwing sasapit ang Araw ng mga Pusong, nagkakasundo na ang mga konsyumer at prodyuser na itaas ang presyo sapagkat pareho naman silang nakikinabang dito.
  - Dahil sa okasyon, tumataas ang demand ng mga konsyumer sa rosas. Ito ang nagbibigay-daan sa paglipat ng kurba ng demand sa kanan na nagreresulta sa pagtaas ng presyo nito.
  - Tanggap ng mga konsyumer ang pagtaas ng presyo ng rosas tuwing sasapit ang Araw ng mga Pusong sapagkat hindi matatawaran ang kasiyahan ng natatamo ng mga konsyumer sa pagbibigay ng rosas sa kanilang mga mahala sa buhay.
10. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapahayag sa konseptong pang-ekonomiya ng surplus?
- Biniling lahat ni Alexis ang mga tindang ice cream ni Mary Ann.
  - Naubos kaagad ang panindang barbecue ni Tiya Isabel matapos itong pakyawin ng mga papauwing studyante.
  - Napanis lamang ang mga nilutong ulam ni Mang Selo dahil sa suspensiyon ng klase kaninang umaga.
  - Nais bumili ni Allan ng isang kilong sibuyas ngunit kalahating kilo lamang ang dala nito pag-uwi dahil nagkaubusan na sa palengke.

## Karagdagang Gawain

Panuto: Batay sa iyong karanasan, sumulat ng isang *journal* na nagpapakita sa naging ugnayan ng *demand* at *supply* bilang pagtugon sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan. Gamitin ang rubrik sa ibaba bilang gabay sa pagsulat. Pagkatapos ay sagutin ang mga pamprosesong tanong.



Pamprosesong Tanong:

- Ano ang iyong naging batayan sa pagbuo ng iyong *journal*?
- Paano mo naipakita ang interaksyon ng *demand* at *supply*?
- Ipaliwanag kung paano nababago ng interaksyon ng *demand* at *supply* ang pagtugon mo sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan.

Rubrik Para sa Pagsulat ng *Journal*.

Pamantayan	Puntos	Nakuhang Puntos
Mahusay na nailahad sa pamamagitan ng pagsulat ng <i>journal</i> ang mga konsepto ukol sa interaksyon ng <i>demand</i> at <i>supply</i> .		

Ang ginawang presentasyon ay nagpakita ng pagkamalikhain at naaangkop sa tema para mailahad ang konsepto ng interaksyon ng demand at supply.		
Ang mga ginamit na mga salita o dayalogo sa paglahad ay nakatulong upang mas maging malinaw ang ekwilibriyo sa manood.		



## **Susi sa Pagwawasto**

### **Balikan:**

1. B
2. B
3. C
4. D
5. D
6. A
7. A
8. D
9. C
10. C

### **Pagyamanin:**

- Gawain 1:
1. 20
  2. 95
  3. 50
  4. 70
  5. 80
  6. 85
  7. 50
  8. 140

### **Gawain 2:**

1. Shortage
2. Shortage
3. Shortage
4. Ekwilibriyo
5. Surplus
6. Surplus
7. Surplus
8. Surplus

### **Gawain:**

1. Surplus
2. Ekwilibriyo
3. Ekwilibriyong presyo
4. Shortage
5. Tataas
6. Bababa
7. Ekwilibriyong dami
8. 110
9. 215
10. Pamilihan

### **Isaisip:**

1. Shortage
2. Ekwilibriyo
3. Surplus
4. Ekwilibriyo
5. Surplus
6. Ekwilibriyo
7. Surplus
8. Ekwilibriyo
9. Shortage
10. Ekwilibriyo

### **Tayahin:**

1. B
2. D
3. C
4. A
5. C
6. B
7. C
8. D
9. C
10. C

## **Sanggunian:**

[Ekonomiks: Modyul para sa Mag-aaral sa Araling Panlipunan 9 pp. 178-195](#)



### Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom  
Here the breezes gently Blow,  
Here the birds sing Merrily,  
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas  
Here the Samals live in peace  
Here the Tausogs thrive so free  
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair  
Linger with love and care  
Golden beams of sunrise and sunset  
Are visions you'll never forget  
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,  
Every valleys and Dale  
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,  
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,  
Ilongos,  
All of them are proud and true  
Region IX our Eden Land

Region IX  
Our..  
Eden...  
Land...

### The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed  
that I was walking along the beach  
with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets  
of footprints – one belong to me and  
the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I  
noticed only one set of footprints.

“And I ask the LORD. Why? Why?  
Why did you leave me when I am sad  
and helpless?”

And the LORD replied “My son, My  
son, I have never left you. There was  
only one (1) set of footprints in the  
sand, because it was then that I  
CARRIED YOU!

### Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see  
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest  
Against the earth's sweet flowing  
breast;

A tree that looks at God all day,  
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear  
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;  
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,  
But only God can make a tree.



